


Filipino

Unang Markahan – Modyul 7: Pagsulat Ng Talata



Filipino – Ikawalong Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 7: Pagsulat Ng Talata
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat	: Mary Grace B. Desantores at Jaycel L. Callino
Editor	: Dores P. Claro, Maria Consuelo C. Jamera, Bennedick T. Viola
Tagasuri	: Jessie C. Torreon, Jocelyn P. Abellano, Noviemar T. Maur, Fe M. Clerigo, Donna May D. Pinguic, Christy Joyce E. Anino Japheth K. Salar
Tagaguhit	: Sarreyl Felijude C. Balanghig
Tagapamahala	: Mary Grace B. Desantores at Jaycel L. Callino : Francis Cesar B. Bringas, Isidro M. Biol Jr., Maripaz F. Magno, Josephine Chonie M. Obsenares, Gilda G. Berte, Antonieta O. Narra, Feldrid P. Suan, Jessie C. Torreon, Dores P. Claro, Victoria B. Pabia

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education - Rehiyon ng Caraga

Office Address: Learning Resource Management Section (LRMS)
Teacher Development Center,
J. Rosales Avenue, Butuan City, Philippines 8600

Telefax: (085)342-8207 / (085)342-5969

E-mail Address: caraga@deped.gov.ph

Filipino

Unang Markahan – Modyul 7: Pagsulat ng Talata

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Kumusta? Binabati kita dahil natapos mo ang ating paglalakbay tungkol sapagpapalawak ng paksa. Nasasabik ka na bang ipagpatuloy natin ang pag-alam sa mga paraan ng mabisang pagsusulat?

Huwag kang mag-alala, sasamahan kita sa pagtuklas ng mga kaalamang ito. Nandito lang ako na makasasama mo at handang umalalay sa iyo.

Sa bahaging ito ng ating paglalakbay, ito ay tungkol sa pagsulat ng talata na makatutulong at makabibigay ng kaalaman kung paano mahahanay at maipahahayag ang isang kaisipan. Ito rin ay magsisilbing gabay upang mapalalim mo nang maigi ang kaalaman sa pagpapahiwatig ng sariling pananaw sa bawat sitwasyon o pangyayari na ating ginagalawan sa pang araw-araw na buhay.

Sa pagtatapos nito, inaasahan ko na ikaw ay makapagsusulat ng talatang: binubuo ng magkakaugnay at maayos na mga pangungusap; nagpapahayag ng sariling palagay o kaisipan; at nagpapakita ng simula, gitna, wakas.

Handa ka na ba? Halika na't simulan mo na.





Subukin

Relaks ka lang! Sa bahaging ito, masusubok kung ano na ang alam mo tungkol sa pagbuo ng talata. Huminga ka muna nang malalim at sagutin mo ang kasunod na gawain.



Gawain 1. KAISIPA'Y ATING TUKLASIN


Panuto: Basahin ang talata sa loob ng kahon at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

(1) Likas sa kaugalian nating Pilipino ang pagtulong sa kapwa saan man tayo mapadpad. (2) Ito na ang ating namana at ugaling nakagisnan. (3) Sa kabila ng mga pagsubok na ating hinaharap, naging matatag at naroon parin ang bayanihan upang masugpo ang hirap na nararanasan natin. (4) May nagbibigay ng mga donasyon, serbisyo, o oras para maibahagi ang tulong para sa nangangailangan. (5) Nagsisilbi itong pundasyon at pagkakilanlan nating Pilipino.

1. Ano ang pinapaksa ng talata?
A. pagtutulungan
B. pagmamahal
C. pagkakaisa
D. pagtitiwala
2. Aling kaugaliang Pilipino ang masasalamain sa talata?
A. pagmamano
B. bayanihan
C. pagbibigay ng donasyon
D. pagpapasalamat
3. Alin sa sumusunod ang pangunahing kaisipan ng talata?
A. Pangungusap 1
B. Pangungusap 2
C. Pangungusap 4
D. Pangungusap 5
4. Bilang kabataan, paano mo maipapakita ang pagtulong sa kapwa?
A. Sumali sa mga organisasyong pangkabataan.
B. Dumalo sa mga pagpupulong sa programang pangkabataan.
C. Makipagsangguni sa barangay sa mga programang pangkabataan.
D. Mag-volunteer sa paggayak at pamimigay ng mga tulong para sa frontliners.
5. Ano ang angkop na pamagat sa talata?
A. Kapit-bisig
B. Pagmamahal
C. Namanang Kaugalian
D. Pagtulong sa kapwa

Gawain 2. IKONEK MO


Panuto: Mula sa mga sanga-sangang salita/parirala. Pumili ng isang sanga na maaari mong pag-ugnay-ugnayin para sa susulating talata. Siguraduhing makasusulat ng tatlong talata. Nakasaad sa unang talata ang pagsisimula sa paksa, inilalahad naman ang mga paglilinaw sa paksa sa pangalawang talata at sa pangatlo ay ang pagbibigay ng pagwawakas ng paksa.



Simula : _____

Gitna : _____

Wakas : _____



Kumusta ang iyong pagsagot? Naiugnay mo ba nang maayos ang mga salita/parirala sa iyong nabuong talata? Tingnan ang tamang sagot sa likod ng modyul na ito. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. Ngunit kung mababa naman ay huwag kang mag-aalala dahil tutulungan kitang unawain ang lahat ng mga ito. Kaya ituloy mo pa ang pagbabasa at paggawa sa mga kasunod na pahina.


Aralin

1

Pagsulat ng Talata

Ang talata ay binubuo ng mga pangungusap na magkakaugnay upang makabuo ng ideya, ang isang sanaysay, kuwento, nobela, at iba pang kathang tuluyan ay binubuo naman ng mga talatang magkakaugnay ang ideya o kaisipan.

Ngayon ay balikan mo muna ang nakaraang aralin. Maaari mong gamitin ang teknik sa pagpapalawak ng paksa sa pagbuo ng iyong mabisang talata.



Balikan

Panuto: Piliin ang angkop na teknik na ginamit sa pagpapalawak ng paksa sa sumusunod na talata. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

- A. Paghahawig o pagtutulad
- B. Pagbibigay- depinisyon
- C. Pagsusuri

- _____ 1. Ang gamot ay sustansiyang kaiba sa idinulot ng pagkain na nakapagbabago sa gawain ng katawan o isipan. Ito ay maaaring galing sa mga halaman o pinaghalong produkto na ginawa ng mga eksperto.
- _____ 2. Dahil sa modernong panahon, ang mga kabataan ay mas lalong nagiging malikhain dahil sa kahiligan nilang manggalugad sa bagong teknolohiya o gadyet ngayon. Kung noon, pawang papel at bolpen lang ang gamit ng mga kabataan sa klase, ngayon ay marami na silang pagpipilian dulot ng teknolohiya.
- _____ 3. Hindi hadlang ang kahirapan kung may pagtitiis at determinasyon sa pagkamit sa mga hangarin o pangarap sa buhay. Maraming mga pagsubok ang haharapin, mayaman man o mahirap talagang mararanasan mo ang mga unos sa buhay. Marapat lamang na manalig ka sa Diyos na siyang lumikha sa bawat tao.

- _____ 4. Wika ang nagbigkis sa ating pagkakaisa. Ito ang naging daan upang maipahayag ang ating mga damdamin, sandata sa pagpapahiwatig sa ating mga kakayahan at mapatibay ang ating pagkakakilanlan bilang Pilipino.
- _____ 5. Mula't sapol sa ating kabataan mayroon tayong kaibigan. Palaging kasama sa laro at kulitan. Naging makulay at masaya dahil sa magandang samahan magpakailan man. Handang tumulong sa panahon ng kagipitan at naging kaagapay sa mga pagsubok sa buhay. Nandiyan palagi magpakailan man.
- _____ 6. Hindi natin maiwasan ang mabagot, matakot at mag-alala dahil sa kasalukuyang nararanasan natin ngayon. Kung dati, malayang namamasyal at magawa ang gusto at mag - aliw ngayon maraming dapat isaisip dahil sa pandemic.
- _____ 7. Ang pamilya ay binubuo ng magulang, anak, lolo at lola. Nakatira sa isang tahanan at masayang nagsasama. Kahit anong problema ay kayang lutasin dahil sa pagmamahal at respeto sa bawat isa. Ito ay maliit na yunit ng ating komunidad.
- _____ 8. Sagana sa likas na yaman ang bansang Pilipinas: Luzon, Visayas at Mindanao. Kayumanggi ang balat ng mga naninirahan dito. Maraming magagandang dilag at matitikas na binata. Namumuhay nang simple at taglay ang kakaibang talento at kakayahan. Saan man magpunta kayang makisabay sa agos ng buhay.
- _____ 9. Naging masaya ang buhay ni Marcela mula nang makilala niya ang kanyang ama. Tulad ng isang batang naghahangad na magkaroon ng bagong laruan. Hindi niya maipaliwanag ang katuwaang naramdaman gaya ng pagbitibit nito kahit saan man magpunta.
- _____ 10. Ang komunikasyon ay isang proseso ng pagpapalit ng impormasyon na kadalasan na ginagawa sa pamamagitan ng karaniwang sistema ng mga simbolo.



Tuklasin



Kaibigan, naririto ang isang salaysay tungkol sa ating mata. Ihanda mo na ang iyong sarili. Basahin mo ito at alamin kung paano nabuo ang mga talata.

Ang Hiwaga ng Ating mga Mata

Ang ating mga mata ay hindi lamang laan upang tayo ay makakita. Ito ay nagsilbi ring bintana o lagusan sa ating pagkatao. Ang ating mga mata ay higit pa ang sinasambit kaysa ating mga bibig. Ito rin ang inilaan sa atin ng Ama upang ating masaksikan ang ganda at hiwaga ng buhay.

Hindi ba't sinasabing kapag ikaw ay naglalahad ng katotohanan sa isang marapat na tingnan mo siya sa kanyang mga mata upang maiwasan ang pagkakaroon niya ng agam-agam at gayundin upang paniwalaan ka niya. Ito ay marapat lamang gawin dahil sa ang mga mata ay marunong kumilatis ng katotohana at kabulaanan. Alam nito ang tama sa mali, maganda at pangit, at maging kabusilakan at kaitiman ng budhi ng kanyang kapwa. Sadyang napakahiwaga nito na kaya nitong paibigin ang mga tao sa isa't isa nang walang alinlangan. Hindi ba't pag may nakaharap tayo, ang mga mata an gating tinitingnan upang masilayan ang kabuoan ng kanyang mukha? Kung gayon, ang mga mata ang pangunahing batayan ng kagandahan ng isang tao, mga matang kumikinang na tila perlas na hindi maalis-alis ang iyong mga titig na wari'y nais mong angkinin. Waring isang dilag na ubod ng ganda kayat hindi ka magkamayaw sa panliligaw hanggang sa maangkin mo ang kanyang puso sampu ng buong katauhan.

Ang hiwaga ngating mga mata ay pa lubos na naipapaliwanag. Kung paano nakikita ang kaibhan ng dalawang bagay at kung paano nito nabibihag ang isang taong tumitiig gamit ang kanyang mga mata at kung saan nanggagaling ang kagandahan at kinang na pinapangarap ng bawat tao. Siguro, ikaw rin ang makakasagotniyan, tumingin sa salamin, titigan ang iyong mga mata, at ang mga ito na rin ang sasagot sa mga katanungan mong binitawan.

Sagutin ang mga tanong:


1. Alin sa sumusunod ang hindi nagsasabi tungkol sa ating mga mata?
 - A. Ito ay laan upang tayo ay makakita.
 - B. Nagsilbing bintana sa ating pagkatao.
 - C. Sinasambit nito ang hindi nakikita ng tao.
 - D. Ito ay inilaan upang ating masaksihan ang ganda at hiwaga ng buhay.

2. Paano sinimulan ng may-akdaang pagtalakay sa Hiwaga ng Mata?
 - A. paglalahad
 - B. paglalarawan
 - C. pagsasalaysay
 - D. pangangatwiran

3. Anong nilalaman ng gitnang bahagi ng sanaysay?
 - A. bunga
 - B. ebalwaayon
 - C. problema
 - D. solusyon


4. Alinsa sumusunod ang paraang ginamit upang wakasan ang sanaysay?
 - A. kongklusyon
 - B. pagbubuod
 - C. paghahamon
 - D. pagtatanong

5. Anong mensahe ang nais iparating ng sanaysay?
 - A. Ingatan ang paggamit ng mga mata.
 - B. Gamitin sa tama ang ating mga mata.
 - C. Maraming naitutulong ang mga mata sa ating buhay.
 - D. Dapat sabihin sa kapwa lahat nang makikita ng mga mata.



Suriin

Nasuri mo ba ang talata nang maayos? Natukoy mo ba kung paano ito sinimulan at winakasan? Sa modyul na ito, matutuhan natin kung paano bumuo ng isang mabisang talata.



PAGSULAT NG TALATA

Ang **talata** ay isang maikling kathang binuo ng mga pangungusap na magkakaugnay, may balangkas, may layunin, at may pag-unlad. Ang kaisipang makasaad sa pinakapaksang pangungusap na maaring lantad o di-lantad. Layunin ng isang ganap na kaisipan sa tulong ng mga pangungusap na magkakaugnay.

Upang maging mabisa ang isang talata, ito ay dapat na may isang paksang diwa, buong diwa, may kaisahan, maayos ang pagkakalahad, at may tamang pagkakaugnay at pagkasunod-sunod ng mga kaisipan.

Bahagi ng Talata ayon sa kinalalagyan sa komposisyon.

1. **Panimula** – ito ang nasa unahan ng isang komposisyon. Dito nakasaad ang paksa na nais talakayin ng manunulat at kung ano ang kanyang ipinaliliwanag, isinasalaysay, inilalarawan o inilalahad.

Halimbawa ng panimulang talata na nagpapaliwanag:

Ang kalusugan ay tumutukoy sa mabuting kalagayan ng ating pangangatawan na may malusog at wastong timbang, walang sakit o karamdaman, may masayang disposisyon sa buhay.

Halimbawa ng talatang naglalahad:

Jose Protacio Rizal Mercado yAlonso Realonda ang buong pangalan ni Dr. Jose Rizal. Labing –isa silang magkakapatid at ikapito siya. Ang kanyang mga magulang ay sina Francisco Engracio Rizal Mercadoy Alejandro at Teodora Morales Alonso Realonda y Quintos.Nakita niya ang unang liwanag noong ika-19 ng Hunyo,1861 sa Calamba, Laguna.

Halimbawa ng talatang naglalarawan:

Bata pa si Analiza ay may angking ganda at makinis ang balat. May biloy sa pisngi at mapupungay na mga mata. May maitim at makapal na buhok na lalong nagpatingkad ng kanyang kagandahan. Siya ay matangkad at kayumanggi ang kulay ng balat. Kahit sino ang makakita sa kanya ay napapalingon at nabibighani. Imahe siya ng isang dalagang Pilipina.

Halimbawa ng talatang nagsasalaysay:

Nagsitigil sa pag-uusap ang mga nagtitinda. Sabay-sabay silang nanahimik, ngunit nangungusap ang kani-kanilang mga mata. Hinay-hinay na sinara ang kani-kanilang mga tindahan. Nangingig sa takot nang makita ang paparating na mga tanod. Bumilis ang mga tikbok ng kanilang puso.

2. **Gitna** - ito naman ang nasa gitnang bahagi ng isang komposisyon. Ito ay maytungkuling paunlarin o palawakin ang pangunahing paksa. Binubuo ito ng mga sumusuportang ideya upang ganap na matalakay ang nais bigyang linaw ang manunulat.

May iba't ibang paraan o teknik ang ginamit sa pagpapalawak ng paksa, ilan sa mga ito ang sumusunod:

- a. **Pagbibigay-katuturan o Depinisyon**- May mga salitang hindi agad-agad maintindihan kaya't kailangang bigyan ng depinisyon. Ito'y mga bagay o kaisipang nangangailangan ng higit na masaklaw na pagpapaliwanag. Ang kaurian, kaantasan, at kaibahan ng mga salitang ito ay binibigyang-diin sa pagbibigay ng depinisyon.
- b. **Paghahawig o Pagtutulad**- May mga bagay na halos magkapareho o nasa categoryang iisa. Samakatwid, ang mga bagay na magkakatulad ay pinaghahambing upang mapalitaw ang kanilang mga tiyak na katangian.

- c. **Pagsusuri**- Ang pagsusuri ay nagpapaliwanag hindi lamang ng mga bahagi ng kabuoan ng isang bagay kundi pati na rin ang kaugnayan ng mga bahaging ito sa isa't isa. Samakatuwid, dahil masaklaw ito, higit na madaling maintindihan ang kalikasan ng isang bagay sa pamamagitan ng pagsusuri. Magandang halimbawa nito ang konsepto ng isang akdang pampanitikan. Dito dapat talakayin ang kaugnay ng mga bahagi ng akdang pampanitikan tulad ng tauhan, banghay, at layunin ng pagkasulat nito.
3. **Wakas** -ito naman ang kadalasang pangwakas ng isang komposisyon. Dito nakasaad ang mahahalagang kaisipang nabanggit sa gitnang talata. Minsan ginagamitan ito ng mga panandang nagsasaad ng pagtatapos ng talata upang bigyang-linaw ang kabuoan ng komposisyon. Maaaring nagtatapos ito ng pagtatanong, isang kongklusyon, pagbubuod o paglalahat, at paghahamon.

Halimbawa ng talatang pangwakas.

Pagtatanong:

Pagkakaisa, kalayaan, kaunlaran...mawawala ang lahat ng iyan kung mawawala ang sariling wika! Ngayon, pababayaan mo bang maglaho ang ating sariling wika? Pababayaan mo ba?

Kongklusyon:

Bilang kongklusyon, ang huling pagtatangka sa pag-agaw ng kapangyarihan ay taliwas sa demokratikong proseso na kasalukuyang kinapapalooban n gating pamahalaan. Ito'y isang aroganteng hakbang ng mga rebeldeng sundalo upang maitatag ang kanilang sariling pananw ng lipunan na nagtatago sa likod ng esensya ng diktadurya matapos pabagsakin ng mamamayan ang huling diktadurya noong nakaraang Pebrero!

Pagbubuod:

Alam kong marami pang bundok ng mga problemang kailangan nating sampanin upang maging ganap na katotohanan ang bagay na ito. Kaya nga ngayon, bukod sa ating sa-samang pagsisikap, magkaisa rin tayong manalangin na ang sariling wika na natin ang gamitin sa ating lipunan, paarlan at gobyerno upang ganap na tayong lumaya sa wika.


Paghahamon:

Sadyang ang tinatahak natin ngayon ay hindi isa sa mahihirap kundi pinakamahirap na bahagi ng kasaysayan. Sapagkat nasa gitna tayo ngayon ng isang kasaysayan at dramatikong panahon. Pababayaan ba nating dumaan ang kasaysayan nang hindi tayo kasama? Nang hindi tayo kasangkot?

Halaw sa Mabisang Retorika sa Wikang Filipino ni Rolando A. Bernales, et.al

Tandaan

- Para sa pamagat ng isang talata, dapat alamin mo muna ang paksang – diwa o paksang pangungusap.
- Nagbibigay ito ng ideya sa pagpili ng pamagat.
- Ang paksang pangungusap ang pinagtutuunan ng mga detalye upang mabuo ang diwa ng talata.
- Ginagamitan ng malalaking titik ang mahahalagang salita sa pamagitan ng talata o kuwento.
- Sinisimulan sa malaking titik ang unang salita sa pamagat.



Pagyamanin

Upang masukat ang iyong naunawaan sa talakayan, subukang sagutan ang mga Gawain nahanay. Sige, simulan mo na.

Basahin mo ang halimbawang talataan at sagutin mo ang kasunod na mga tanong. Kaya mo ‘yan kaibigan!



Talata 1

(1) Palala nang palala ang problema sa polusyon ngunit marami ang hindi nababahala sa kalagayang ito. Binabalik at ngayon ng daigdig ang pinakamabigat na suliranin ito na maaring dulot na rin ng makabagong kabihasan at siyensiya. Mapapansing dahil sa malubhang pag –init ng mundo, pabago-bago ang klima sa iba’t ibang panig ng daigdig. Ito’y bunga ng labis na paggamit ng kahoy bilang pangatong. Ang mabilis na pagkaubos ng mga punosa kagubatan ay nagbibigay rin ng suliranin sa polusyon, hindi lamang sa ating bansa pati na rin sa iba pang mga bansa.

(2) Sa nabanggit na mga problema, pinakamalubha ang suliranin sa basura sapagkat ito ang nagpapalala ng polusyon sa lahat ng mga bansa. Kaya naman hindi tumitigil ang pamahalaaan ng bawat bansa at mga dalubhasa sa buong mundo sa paglutas ng mga problemang ibinibigay nito sa daigdig.

(3) Gayon pa man, hindi dapat iasa lahat sa mga grupo ng mamamayang may malasakit ang paglutas sa suliranin sa bansa. Dapat magsimula ang pagkilos sa mga tahanan upang mapadali ang pagbibigay ng kalutasan sa problemang idinudulot nito sa sangkatauhan.

-Hango sa hiyas ng Lahi IV, Vibal Publishing House, Inc.

1. Alin ang pangunahing kaisipan?
 - A. Ito’y bunga ng labis na paggamit ng kahoy bilang panggatong.
 - B. Mapapansing dahil sa malubhang pag –init ng mundo , pabago-bago ang klima sa iba’t ibang panig ng daigdig.
 - C. Binabalikat ngayon ng daigdig ang pinakamabigat na suliraning ito na maaring dulot na rin ng makabagong kabihasan at siyensiya.
 - D. Dapat magsimula ang pagkilos sa mga tahanan upang mapadali ang pagbibigay ng kalutasan sa problemang idinudulot nito sa sangkatauhan.

2. Alin sa sumusunod ang pantulong sa pangungusap na “*Mapapansing dahil sa malubhang pag –init ng mundo, pabago-bago ang klima sa iba’t ibang panig ng daigdig?*”
 - A. Nababahala sa kalagayang ito.
 - B. Ito’y bunga ng labis na paggamit ng kahoy bilang panggatong.
 - C. Hindi lamang sa ating bansa pati na rin sa iba pang mga bansa.
 - D. Binabalikat ngayon ng daigdig ang pinakamabigat na suliraning ito.

3. Paano sinimulan ang talataan?

A. paglalahad	C. pagsasalaysay
B. paglalarawan	D. pangangatwiran

4. Anong pagwawakas ang ginamit sa talata?

A. pagbubuod	C. kongklusyon
B. pagtatanong	D. paglalahat

5. Ano ang pinapaksa ng talataan?
 - A. pag-init ng mundo
 - B. pagkaubos ng puno
 - C. paglutas ng problema
 - D. problema sa polusyon

IDEYA MO ILAHAD MO!

Panuto: Bumuo ng isang talataan tungkol sa Makabagong Teknolohiya. Huwag kalimutang gamitin ang mga paraang nabanggit sa talakayan.

Simula: _____

Gitna : _____

Wakas. _____




Isaisip

Kakulanga’y Punuan Mo!

Panuto: Punan ng angkop na salita ang bawat patlang upang mabuo ang kaisipan tungkol sa pagsulat ng talata.

Ang talata ay isang maikling kathang binuo ng mga pangungusap na (1)_____may balangkas, may layunin, at may pag-unlad. Upang maging mabisa ang isang talata, ito ay dapat na may isang paksang diwa, buong diwa , may kaisahan, (2)_____ ang pagkakalahad, at may tamang pagkakaugnay at pagkasunod –sunod ng mga kaisipan. May tatlong bahagi ang talata: simula, gitna at wakas. Sa simula, nakasaad ang(3)_____na nais talakayin ng manunulat at kung ano ang kanyang ipinaliliwanag, isinasalaysay, inilalarawan o binibigyang katwiran.Nasa gitnang bahagi naman ng isang komposisyon ang (4)_____ng pangunahing paksa. Ginagamitan ang wakas ng mga panandang nagsasaad ng pagtatapos ng talata upang (5)_____ang kabuuan ng komposisyon.



Isagawa

Tara Sulat tayo!

Panuto: Isulat nang patalata ang sumusunod na pamamaraan upang maiwasang mahawa sa COVID -19 gamit ang salitang una, pangalawa, pangatlo...., sunod at panghuli.

Pitong hakbang upang maprotektahan ang sarili at ang iba laban saCOVID -19

Mula sa <https://www.who.int/philippines/new/feature/> March 12, 2020

- (1) Hugasan nang madalas ang iyong mga kamay.
- (2) Ugaliin ang puspusang paglinis gamit ang hand sanitizer na may alcohol o hugasan gamit ang sabon at tubig.
- (3) Iwasan ang paghawak sa iyong mata, ilong at bibig.
- (4) Takpan ang iyong ubo at bahing. seguraduhing ikaw , at ang mga tao sa paligid

- mo, at sumusunod sa tamang respiratory hygiene.
- (5) Iwasan ang matatao na lugar at malapit na pakikipagsalamuha sa taong may lagnat o ubo.
 - (6) Panatilihin ang hindi bababa sa 1 metrong agitan mula sa iyo at sa kung sinumang may lagnat o ubo.
 - (7) Manatili sa bahay kung ikaw ay may sakit. Kung ikaw ay may lagnat, magpakonsulta agad- ngunit tawagan mo muna ang health facility. Kumuha ng impormasyon sa mapagkakatiwalaang awtoridad.





Tayahin

IKONEK MO ULIT!

Panuto: Batay sa ipinakitang pinagsangang-salita, pag-ugnayin ang mga salita/parirala at bumuo ng isang sanaysay tungkol dito. Gawing gabay ang pagsulat ng bawat bahagi sa iminumungkahing nilalaman. Bigyang ng isang magandang pamagat.

Unang talata: Isulat ang kaisipan ng paksang isusulat.
Pangalawang talata: Ihayag ang problema at bunga nito.
Pangatlong talata: Ibigay ang kongklusyon sa tinatalakay.





Karagdagang Gawain

A. Suriin ang sumusunod na pangungusap. Hanapin at lagyan ng tsek ang bilang ng apat na magkakaugnay na kaisipan upang makabuo ng isang mabisang talata.

- ___ 1. Maraming paraan ng paglilingkod sa kapwa ngunit sa pinakapayak na paraan ay maaaring magampanan ang tungkuling ito.
- ___ 2. Ang pag-abot ng iyong kamay na tanda ng pagtulong ay nagpapagaan sa buhay ng isang matandang mahina o kaya ng isang bata.
- ___ 3. Malaking bahagi ng populasyon ng Pilipinas ang binubuo ng kabataan.
- ___ 4. Ang pagtulong sa kapwa lalo na sa mga nangangailangan at naghihikahos ay isa ring mahalagang pananagutan ng tao.
- ___ 5. Naghihintay ng hatol sa nagawa nilang kasalanan sa kapwa.
- ___ 6. Ang iyong matamis na ngiti, halimbawa, ay sapat na upang maibsan ang kirot na nararamdaman ng isang maysakit.
- ___ 7. Bagamat malaki ang pagpapahalagang binibigay sa edukasyon ng mga Pilipino, marami sa ating mga bata ang napipilitang tumigil sa pag-aaral.

B. Isulat ang napiling magkakaugnay na kaisipan sa angkop na bahagi nito.

Unang Pangungusap:

Gitnang Pangungusap 1:

Gitnang Pangungusap 2:


Panghuling Pangungusap:

C. Isulat nang patalata ang mga kaisipan batay sa pagkakasunod-sunod sa Gawain B.

Pamantayan sa Pagmamarka		1	2	3	4	5
Nailalahad nang maayos ang talatang binuo.						
Nagagamit ang mga salita nang maayos.						
Maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga detalye.						
Malinaw na nailalahad kung ano ang nais ihatid para sa mga mambabasa.						
Kabuuang Puntos						
5	4	3	2	1		
napakahusay	mahusay	Katamtaman	di-mahusay	Maraming kakulangan		



*Binabati kita dahil masigasig mong natapos ang paglalakbay na ito. Batid kong nakapapagod ngunit napakagandang pagkakataon namang madagdagan ang iyong kaalaman sa Pagsulat ng Talata. Ihanda mo ang iyong sarili sa kasunod na modyul – **Modyul 8 (Mga Hudyat ng Sanhi at Bunga)**.*



Susi sa Pagwawasto

Makaitas laban sa COVID-19
 Pamagat: Hakbang upang
 May pitong hakbang sa upang
 maprotektahan ang sarili at
 ang iba laban sa COVID-19.
Una, hugasanang madalas
 ang iyong kamay.
Pangalawa, ugaliin ang
 puspusang paghitis gamit ang
 hand sanitizer na may alcohol
 o hugasan gamit ang sabon at
 tubig. **Pangatlo**, iwasan ang
 paghawak sa iyong mata, ilong
 at bihis. **Pangapat**, takpan
 ang ubo at bahing.
 seguridad ng ikaw, at ang
 mga tao sa paligid mo, at
 sumusunod sa
 tamang respiratory hygiene.
Panlima, iwasan ang matatag-
 na lugarat malapit na
 pakikipag-salamuha sa taong
 may laghat o ubo. **Sunod**,
 panatilihin ang hindi bababa
 sa 1 metro ng agitan mulasa iyo
 at sa kung sinumanag may
 laghat o ubo. **Panghuli**,
 manatili sa bahay kung ikaw ay
 may sakit. Kung ikaw ay may
 laghat, magpakonsulta agad-
 ngunit tawagan mo muna ang
 health facility. Kumuha
 sa
 ngimponasyon
 mapagkakatawalaan ng awtoridad

Isagawa

Karagdagang Gawain

Tayahin

Tingnan sa rubrik

- A. 1. /
 2. /
 3.
 4. /
 5.
 6. /
 7.
 B. Pagkakasunod-sunod
 4 – 1 – 6 – 2
 C. Iwasto ang sagot ng
 mag-aaral batay sa
 rubrik

Balikan

1. Pagbibigay-depinisyon

2. pagtutalad

3. pagsusuri

4. pagbibigay-depinisyon

5. pagbibigay-depinisyon

6. pagtutalad

7. pagbibigay-depinisyon

8. pagsusuri

9. pagtutalad

10. pagbibigay-depinisyon

Isaisip

1. magkakaugnay
2. maayos
3. paksa
4. pagpapaulad at
pagpapalawak
5. bigyang-linaw

Sunukin

- Gawain 1- 1. A 2. B
 3. A 4. A 5. D

Tuklasin

1. C

2. A

3. C

4. C

Pagymamanin

1. C

2. B

3. C

4. C

5. D

II. Tingnan sa

rubrik

Sanggunian

Mga Aklat:

Willita A. Enrijo, Asuncion B. Bola, et.al.Panitikang Pilipino-Ikawalong Baitang.Book Media Press, Inc. and Printwell, Inc. Unang Edisyon, 2013.

Iluminada C. Balazo, et.al.Gintong Pamana Wika at Panitikan-Ikaapat na Baitang.SD Publications, Inc. 2007.

Lorenza P. Avena, et.al.Wika at Panitikan-Ikatlong Taon.JGM & S Corporation,2000.

<https://www.who.int/philippines/news/feature/pitong> simpleng hakbang upang maprotektahan ang sarili at ang iba laban sa COVID -19-12 March 2020

<https://www.sccgov.org/sites/>Mga katutuhanan ng Coronavirus- 3 April 2020

[https://tl.m.wikipedia](https://tl.m.wikipedia.org/) .org. /Kahulugan ng komunikasyon

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifcaio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph* blr.lrpd@deped.gov.ph